REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 91-224

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGBUBUO AT PAGTATATAG NG PEOPLE'S LAW ENFORCEMENT BOARD (PLEB) SA BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.

* * * * * * * * * * ** * * * * * * * * * ** * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay tinanggap at sininop ang mga sipi ng Assciation of Barangay Captains (ABC) Resolution No. 6 petsa Agosto 29, 1991 at Muntinlupa Peace and Order Council (MPOC) Resolution No. 01, serye ng 1991 petsa Oktubre 7, 1991 at Kapasiyahan Bilang 91-224 ng Sangguniang Bayan petsa Oktubre 21, 1991 na nakasaad bukod sa iba pa, ang deklarasyon at kumpirmasyon ng kani-kanilang tunay na pinili at hinirang na mga miyembro at tagapangulo ng People's Law Enforcement Board ng bayang ito na umaayon sa angkop na probisyon ng Section 43 ng Republic Act No. 6975 at Part III ng "Rules of Procedure Before the PLEB";

SAPAGKAT, ang binabanggit sa itaas na batas ay inaatas ang pagtatatag ng People's Law Enforcement Board sa pamamagitan ng Sangguniang Bayan na may hurisdiksiyon na dinggin at magdesisyon sa mga reklamo ng mamamayan na isinampa laban sa mga may katiwaliang opisyales at miyembro ng Philippine National Police;

NGAYON, DAHIL DITO, sa mosyon ni Kgg. Nemesio O. Mozo na pinangalawahan ni Kgg. Rufino B. Joaquin, ay pinagpasiyahan na ang People's Law Enforcement Board sa Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila ay buuin at itatag na kabibilangan ng mga sumusunod na napili/nahalal na tagapangulo at mga miyembro, na sina:
At

| | | |
|---|---|---|
| Atty. Fernando F. Aquino, Jr. | - | Tagapangulo |
| Nemesio O. Mozo | - | Miyembro |
| Mauricio O. Austria | - | Miyembro |
| Restituto N. Santos | - | Miyembro |
| Pedro V. Metrillo | - | Miyembro |

PINAGPASIYAHAN PANG MULI NA :

1. Ang PLEB ay manunungkulan at maglalagay ng tanggapan at isasagawa ang pagpupulong sa People's Center;

2. Ang lupon ang babalangkas ng sarili nitong tuntunin at kaparaanan alinsunod sa batas para sa mabilis, maayos, sistematiko at matalinong pagpapasiya sa pagkakaroon ng deliberasyon at paglulutas ng mga kasong administratibong inihain at iniharap dito;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



3. Ang Lupon ay tutulungan ng isang Kalihiman sa pagsasakatuparan sa mga nakaatas ditong gawain na kinabibilangan ng mga sumusunod :

   Pinuno ng Kalihiman/Kalihim; isang(1) stenographer dalawang (2) clerks at isang (1) PLEB Aide

4. Ito ay pagkakalooban ng mga office supplies, materyales at equipment;

5. Ito ay magkakaroon ng isang (1) regular na pulong bawat linggo, o sa kabuuang apat (4) na regular na pulong bawat buwan, at kung kinakailangan ang pagkakaroon ng tanging pulong. Ang Tagapangulo ay tatanggap ng buwanang per diem/honoraria sa halagang P3,000 at ang bawat miyembro ng halagang P2,500 at ang PLEB Kalihiman (Secretariat); Pinuno ng Kalihiman/Kalihim - P2,000; Stenographer P1,000; Clerk P1,000; at PLEB Aide P500.00

6. Ito ay magsasagawa ng iba pang gawain kung kinakailangan alinsunod sa itinakda ng batas o tuntunin at regulasyong administratibo.

PINAGPASIYAHAN PANG MULI na ang mga sipi ng Kapasiyahang ito ay pagkalooban ang National Police Commission at iba pang kinauukulang ahensiya ng pamahalaan.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 175th regular na pulong na ginanap ngayong ika-21 ng Oktubre, 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL.JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

Pahina - 3 -
Kapasiyahan Bilang 91-224

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
KOnsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONCA
Pambayang Kalihim

PBS/vts